

## **PANIMULA**

Habang ang mga komunidad ay nagsisimulang makabawi mula sa nakakapinsalang mga epekto ng Bagyong Sandy, mahalagang kilalanin ang mga araling natutunan, at gamitin ang mga hakbang ng pagpapababa na nagtitiyak na ang mga kaayusan ay muling naitatayo na mas matibay, mas ligtas, at mas hindi mahina sa mga kaganapan ng baha sa hinaharap.

Bago ang Bagyong Sandy, ang Federal Emergency Management Agency (FEMA), nakatalaga sa pangangasiwa sa National Flood Insurance Program (NFIP), ay muling nag-aral sa mga lugar ng mga baybayin ng New Jersey at New York upang mai-update ang Flood Insurance Rate Maps (FIRMs). Ang mga nai-update na mga mapa na ito ay nakatakdang ipadala sa mga opisyal ng estado at lokal sa kalagitnaan ng 2013. Dahil ang umiiral na FIRMs para sa mga lugar na ito ay nabuo nang higit sa 25 taong nakalipas, at ang mga na-update na FIRMs ay hindi pa napangwakas, pinasyahan ng FEMA na mahalagang magbigay ng malapit sa termino na Advisory Base Flood Elevations (ABFEs) upang suportahan ang mga pagsisikap ng muling pagtatayo.

Ang ABFEs ay binuo gamit ang tamang siyensiya at enhinyerya na hinango mula sa mas bagong datos at pinagandang mga pamamaraan ng pag-aaral kumpara sa umiiral na FIRMs. Ang ABFEs ay malamang na magpapakita ng mas mataas na elebasyon sa baha kaysa kasalukuyang pangregulasyong FIRMs. Dapat magtanong ang mga may-ari ng ari-arian at negosyo sa kanilang lokal na opisyal sa pagtatayo ng gusali upang lubos na maintindihan ang mga kailangan sa paggamit ng ABFEs sa mga pagsisikap ng muling pagtatayo.

Ang ABFEs ay makukuha sa lahat o bahagi ng sumusunod na mga county:

- Mga County ng New Jersey: Atlantic, Bergen, Burlington, Cape May, Essex, Hudson, Middlesex, Monmouth, Ocean, at Union.
- Mga County ng New York: Bronx, Kings, New York, Richmond, Queens, at Westchester.

Upang makita ang buong saklaw ng mga lokasyon kung saan ang ABFEs ay ibibigay, pakibisita sa: [www.Region2Coastal.com](http://www.Region2Coastal.com).

Upang mas maipaliwanag ang mga implikasyon ng ABFEs, inihanda ng FEMA ang dokumentong ito na naglalaman ng mga kadalasang itinatanong.

## **1. MGA PANGKALAHATANG TANONG SA ADVISORY BASE FLOOD ELEVATION (ABFE)**

### **1.1 ANO-ANO ANG ADVISORY BASE FLOOD ELEVATIONS (ABFEs)?**

Ang ABFEs ay pag-uulat ang uri at mas tumpak na naglalarawan sa tunay na 1% taunang tsansa sa mga elebasyon ng peligro sa baha sa isang lugar. Kasunod ng malaking kaganapan ng bagyo, tulad ng Bagyong Sandy, ang FEMA ay nagsasagawa ng pagtatasa upang malaman kung ang 1% taunang tsansa ng kaganapan ng baha, na ipinakita sa umiiral na FIRMs ay sapat na nagpapakita sa kasalukuyang peligro sa baha. Sa ilang mga sitwasyon, dahil sa katagalan ng pag-aanalisa at sa siyensiya na ginamit upang buuhin ang umiiral na FIRMs, pinapasyahan ng FEMA na may pangangailangan na bumuo ng ABFEs. Ang ABFEs ay ibinibigay sa mga komunidad bilang kasangkapan upang suportahan sila sa pagrekober sa mga paraan na mas magbibigay-kakayahan sa kanila na makabawi sa mga bagyo sa hinaharap.

### **1.2 NAKAPAGBIGAY BA ANG FEMA NG ABFEs SA NAKARAAN? KUNG OO, SAAN, AT TAGUMPAY BA ITO?**

Oo, binuo ng FEMA ang ABFEs pagkatapos ng Bagyong Katrina noong 2005. Maraming komunidad ang gumamit ng ABFEs sa Louisiana at Mississippi, na nagbunga na ang mga may-ari ng bahay at negosyo na nagpapatayo nang mas mataas at mas ligtas. Nangangahulugan din ito ng mas mababang hulugan o premium sa insurance sa baha kapag sinunod ang mga elebasyon sa baha batay sa nirebisang FIRMs paglipas ng ilang taon.

### **1.3 SA ANO-ANONG MGA COUNTY SA NEW JERSEY AT NEW YORK IBIBIGAY ANG ABFEs?**

Ang ABFEs ay ibibigay sa lahat o bahagi ng sumusunod na mga county sa New Jersey at New York:

Mga County ng New Jersey: Atlantic, Bergen, Burlington, Cape May, Essex, Hudson, Middlesex, Monmouth, Ocean, at Union.

Mga County ng New York: Bronx, Kings, New York, Richmond, Queens, at Westchester.

Ang impormasyong ito ay available sa Disyembre 2012. Upang makita ang buong saklaw ng mga lokasyon kung saan ibibigay ang ABFEs, pakibisita sa: [www.Region2Coastal.com](http://www.Region2Coastal.com).

### **1.4 PAANO BUBUUHIN ANG ABFEs PARA SA MGA COUNTY NA APEKTADO NG HURRICANE SANDY ?**

Gagamit ang FEMA ng na-update na mga pamamaraan sa pag-aaral sa baybayin at topograpikong datos sa baybayin ng New Jersey at New York. Ang ABFEs ay bubuo rin sa trabahong nasimulan na at magpapakita ng na-update na pag-aanalisa sa baybayin.

### **1.5 ANONG IMPORMASYON ANG KABIBILANGAN NG ABFEs NA MAGIGING AVAILABLE SA MGA STAKEHOLDER?**

Ang ABFEs ay kabibilangan ng advisory na mga elebasyon sa peligro sa baha sa mga baybayin at kaugnay na mga mapa ng advisory. Ang impormasyong ito ay kabibilangan ng sumusunod:

**Advisory Data Layers batay sa County:** Mga geospatial layer na naglalarawan sa ABFEs at mga na-update na sona ng baha (kabilang ngunit hindi limitado sa Advisory Flood Hazard Zone A, Advisory Flood Hazard Zone V, Limit of Moderate Wave Action (LiMWA), at Lugar ng Moderate Wave Action, na kilala ring Coastal A Zone), mga marka ng mataas na tubig na nakolekta na naglalarawan ng epekto ng Bagyong Sandy, at ang U.S. Fish and Wildlife Coastal Barriers Zones na maaaring i-input ng mga komunidad sa umiiral na Geographic Information Systems (GIS) upang makatulong sa pagpapasya tungkol sa pagsosona ( zoning), pagtatayo, at muling pagpapaunlad.

**Advisory Maps batay sa County:** Mga paneled map na naglalarawan sa mga geospatial data layer na tinukoy sa taas. Ang mga advisory map na ito ay a sa mas mataaas na elebasyon ng baha at sa ilang mga sitwasyon, mas malawak na mga sona o lugar ng baha sa baybayin.

**Methodology Report para sa ABFEs:** Isang ulat na nagbubuod sa mga pamamaraan, mga pagpapalagay, at mga pinagmumulan ng datos na ginamit sa pagbuo ng mga advisory data layer at mapa.

### **1.6 KAILAN MAGIGING AVAILABLE ANG ABFEs?**

Ang trabaho ay kasalukuyang nagsisimula na upang ihanda ang ABFEs. Inaasahan ng FEMA na ire-release ang ABFEs sa Disyembre 2012.

### **1.7 SINO ANG DAPAT GUMAMIT SA ABFEs?**

Ang mga komunidad ay kailangang gumamit sa ABFEs para sa anumang aktibidad ng FEMA sa Pagrekober o Mitigasyon (hal. Tulong sa Publiko, Mga Kaloob para sa Pagpapababa ng Peligro). Bukod pa, inirerekumenda ng FEMA na ang opisyal ng komunidad kabilang ang mga opisyal sa pangangasiwa ng pagtatayo at patag na lugar na malapit sa ilog/batis, mga may-ari ng ari-arian, mga arkitekto, mga builder, at mga inhinyero ay gumamit sa impormasyong ito dahil ang ABFEs ay mas tumpak na naglalarawan sa kasalukuyang mga peligro sa baha.

### **1.8 PAANO MAAKSES ANG ABFEs?**

Ang ABFEs ay magiging available sa FEMA Region II Coastal Website sa [www.Region2Coastal.com](http://www.Region2Coastal.com). Ang site na ito ay maglalaman din ng gabay upang mapagana ang pakinabang para makagawa ng edukadong mga pasya hinggil sa muling pagtatayo ng mga komunidad.

### **1.9 PAANO ANG EPEKTO NG BAGYONG SANDY MAIDADAHILAN SA IMPORMASYON SA ULAT?**

Ang partikular na tindi at bakas ng Bagyong Sandy ay hindi idadahilan sa na-update na pag-aanalisa sa baybayin para sa ABFEs. Gumagamit ang FEMA ng istatistikal na kalamangan ng mga makasaysayang bagyo bilang bahagi ng na-update na pag-aanalisa ng baybayin, na hindi kinabibilangan ng anumang indibidwal na kaganapan mula sa nakaraang kasaysayan. Ang mga makasaysayang bagyo na katulad ang mga daan at tindi sa Bagyong Sandy ay isinasali sa loob ng istatistikal na pag-aanalisa at ang pagsali sa Bagyong Sandy ay hindi makakaapekto sa mga resulta ng ABFEs o sa paglalarawan sa mga lugar ng baha sa ulat. Ang FEMA ay magbibigay ng partikular na mga marka sa mataas na tubig na naobserbahan mula sa Bagyong Sandy bilang puntos ng datos sa mga advisory map na nakolekta ng United States Geological Survey. At saka, ang hanay ng mga biglaang elebasyon na nangyari bilang bunga ng Bagyong Sandy ay ibibigay sa pang-impromasyong seksyon ng bawat advisory map panel.

### **1.10 BAKIT ANG ILANG ABFEs AY MAS MATAAS KAYSA MGA ELEBASYON NA IPINAKITA SA UMIIRAL NA FIRMS?**

Ang mga panganib ng baha ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon dahil sa mga pagbabago sa klima, populasyon, kaunlaran sa loob at sa paligid ng komunidad, at iba pang mga dahilan. Ang Base Flood Elevations (BFEs) na ipinakita sa kasalukuyan, umiiral na FIRMs ay batay sa mga pag-aaral na isinagawa higit sa 25 taon ang nakalipas. Ang ABFEs ay batay sa impormasyon mula sa mga pag-aaral ng pagtukoy ng panganib ng baha na isinasagawa na bago ang Bagyong Sandy, at kinabibilangan ng karagdagang 25 taon ng datos ng baha at updated na datos sa topograpiya. Bilang bunga, ang ABFEs ay magpapakita sa mas mataas na mga elebasyon kaysa ipinakita ng BFEs sa kasalukuyan, umiiral na FIRMs.

### **1.11 BAKIT ANG ABFEs AY NAGPAPAKITA NG ILANG ELEBASYON NA MAS MABABA KAYSA MGA ELEBASYON SA BAHANG HURRICANE SANDY?**

Ang ABFEs ay batay sa 1% taunang tsansa ng kaganapan ng baha. Sa ilang mga lugar, ang ABFEs ay maaaring magpakita ng mga elebasyon na mas mababa sa Bagyong Sandy dahil ang Sandy ay isang higit na matinding kaganapan kaysa 1% taunang tsansa ng baha sa ilang mga lugar. Ang mga elebasyon na 1% taunang tsansa ay ang pamantayan ng NFIP para sa pangangasiwa ng patag na lugar na malapit sa ilog/batis. Mahalagang tandaan na ang mga gusaling itinayo sa pamantayang ito ay mahina pa rin sa mga epekto ng mas malaking kaganapan tulad ng Bagyong Sandy.

## **2. MGA TANONG SA PANGANGASIWA NG PATAG NA LUGAR NA MALAPIT SA ILOG/BATIS TUNGKOL SA PAKINABANG NG ABFEs AT SA MGA ADVISORY MAP PARA SA MULING KONSTRUKSIYON**

### **2.1 ANG AKING KOMUNIDAD BA AY KINAILANGANG GUMAMIT SA MGA ADVISORY MAP AT SA ABFEs PARA SA MULING KONSTRUKSIYON UPANG MANATILING KARAPAT-DAPAT NA LUMAHOK SA NFIP?**

Hindi. Ang isang komunidad na lumalahok sa NFIP ay hindi kinailangang gumamit sa mga advisory map at sa ABFEs. Ang Mga Advisory Map at ABFE ay nagbibigay sa mga komunidad ng tinatayang minimum ng mga elebasyon sa baha at sa mga lugar na may peligro sa baha na maaaring magamit nila sa panahon ng muling konstruksiyon upang mapababaan ang mga pinsala sa hinaharap.

### **2.2 ANO-ANO ANG MGA BENEPISYO SA AKING KOMUNIDAD SA PAGGAMIT NG ABFEs AT MGA ADVISORY MAP?**

Ang paggamit ng ABFEs para sa muling pagtatayo ay makakabawas sa kahinaan ng mga istruktura sa pagbaha at mga pinsala sa baha. Ang paggawa ng mga gusali sa ABFEs ay maaaring makakabawas sa gastos sa insurance sa baha, pati na rin sa gastos sa pagrekober mula sa bagyo sa hinaharap at mga kaganapan ng baha. Kahit ang paunang gastos sa muling pagtatayo sa ABFEs ay maaaring mas mataas nang bahagya, ang mga komunidad, at mga may-ari ng ari-arian at negosyo ay makakatipid sa pangmatagalan sa pagkakaroon ng mga istruktura na mas lumalaban sa magastos na pinsala sa baha. Ang FEMA ay magbibigay ng teknikal na tulong sa mga komunidad sa paggamit at pagpapatupad ng ABFEs at mga advisory map.

### **2.3 KUNG MAGPASYA ANG AKING KOMUNIDAD NA IPATUPAD ANG ABFEs, KAILANGAN BA NITONG AMYENDAHAN ANG MGA REGULASYON NITO SA PANGANGASIWA NG PATAG NA LUGAR NA MALAPIT SA ILOG/BATIS AT/O ANG MGA PANDAIGDIGANG MGA KODIGO® SA PAGTATAYO UPANG MAIPAKITA ANG ABFEs?**

Karaniwang oo. Kakailanganing gamitin ng komunidad ang ABFEs at kakailanganing ipatupad ng inyong administrador sa pangangasiwa sa patag na lugar na malapit sa ilog/batis ang mga inamyendahang regulasyon.

**2.4 SA MGA LUGAR KING SAAN ANG MGA EPEKTO SA MGA ELEBASYON SA HURRICANE SANDY AY HIGIT SA ABFEs, DAPAT BANG MAGTAYO ANG MGA KOMUNIDAD NANG MAS MATAAS?**

Oo. Mabuting gawain na magtayo nang mas mataas. Kabilang sa ilang mga opsyon na ang mga komunidad at mga may-ari ng ari-arian ay kailangang magbigay ng karagdagang proteksyon ang:

- Sundin o gamitin ang freebord nang higit pa sa ABFEs.
- Ang paggamit ng pile o mga column foundation upang iangat ang mga pangreisdensiyang gusali ay kailangan sa mga V zone. Bukod pa, maaaring kakailanganin ito sa umiiral na mga AE zone.

**2.5 ANG AKING KOMUNIDAD BA AY MAAARING SUMUNOD SA REKISITO NG FREEBOARD NANG HIGIT PA SA KASALUKUYAN NITONG BASE FLOOD ELEVATIONS (BFEs) BILANG ALTERNATIBO SA PAGSUNOD SA ABFEs?**

Oo. Gayon pa man, ang mga komunidad ay dapat mag-ingat sa pagsunod sa BFEs at freeboard kung ang mga ito ay mas mababa kaysa ABFEs. Ang mga istruktura na itinayo sa BFE at freeboard ay magiging mas madaling bumigay sa pinsala sa baha kaysa mga istruktura na itinayo sa ABFE o mas mataas pa.

Bukod pa, ang mga may-ari ng ari-arian at ang mga komunidad ay kailangang maging may-alam sa mga rate sa insurance ay maaapektuhan din ng Biggert-Waters Flood Insurance Reform Act of 2012, na nag-uutos sa pagtanggap ng mga subsidiya at diskwento sa mga hulugan sa insurance sa baha at sa tumataas na rate upang m ang aktwal na panganib. Kung ang bagong umiiral na FIRM ay may BFE na mas mataas, ang mga residente kanimo ang mga gusali ay mas mababa sa bagong lebel o antas ay maaaring magbabayad sa substansyal na mas mataas na mga hulugan sa seguro sa bagyo.

**2.6 KAPAG ANG FEMA AY NAGBIBIGAY NG PINAL NA FIRMS NA PAPALIT SA ABFEs, KAKAILANGANIN BA SA AKING KOMUNIDAD NA SUMUNOD SA NIREBISANG FIS AT FIRMS?**

Oo. Anumang oras na nirerebisa ng FEMA ang umiiral na FIRMs, kailangang sumunod ang komunidad o amyendahan ang kanilang mga regulasyon sa panganasiwa sa patag na lugar na malapit sa ilog/batis upang pag-isahin sa bagong datos at makatugon sa anumang karagdagang mga rekisito sa pangangasiwa sa patag na lugar na malapit sa ilog/batis. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagsunod sa FIRMs ay matatagpuan sa brochure ng FEMA, *Adoption of Flood Insurance Rate Maps by Participating Communities* (FEMA 495 – September 2005).

### **3. MGA IMPLIKASYON SA INSURANCE SA BAHA**

#### **3.1 KUNG ANG MGA KOMUNIDAD AY SUMUNOD AT GAGAMIT SA ABFEs, PAANO IYON MAKAKAAPEKTO SA MGA HULUGAN AT PATAKARAN SA INSURANCE SA BAHA NG MAY-ARI?**

Ang pagsunod sa mga pamantayan batay sa ABFEs ay hindi magpapabago sa mga sona o elebasyon na kasalukuyang umiiral, at ang mga hulugan ay patuloy na iri-rate batay sa mapa na kasalukuyang umiiral at sa pinakamababang palapag ng gusali. Ang mga patakaran sa insurance sa baha ay niri-rate gamit ang mga sona at mga elebasyon sa baha sa kasulukuyang umiiral na FIRM. Ang hulugan sa insurance sa baha ay maaaring maaapektuhan ng Biggert-Waters Flood Insurance Reform Act of 2012 (tingnan ang Seksyon 3.2).

#### **3.2 ANO ANG MANGYAYARI SA MGA RENEWAL RATE PARA SA UMIIRAL NA MGA POLISA SA INSURANCE SA BAHA KUNG ANG FIRMS AY NIREBISA SA HINAHARAP UPANG MAGLALARAWAN SA BAGO, MAS MATAAS NA ELEBASYON?**

Habang naa-update ang mga mapa ng baha, ang mga sona ng baha at kaugnay na mga hulugan ay maaaring magbago upang magpapakita sa bagong panganib ng baha. Ang mga rate o bayad ay maaapektuhan din ng Biggert-Waters Flood Insurance Reform Act of 2012, na nag-uutos ng pagtanggap sa mga subsidiya at diskwento sa hulugan sa insurance sa baha at pagdagdag sa bayad o rate upang ipakita ang aktwal na panganib. Kung ang bagong umiiral na FIRM ay may BFEs na mas mataas, ang mga residente kanino ang mga gusali ay mas mababa kaysa bagong level o antas ay maaaring kakailanganing magbayad ng sapat na mas mataas na hulugan sa insurance sa baha.

#### **3.3. ANG MGA BENEPISYO BA SA INCREASED COST OF COMPLIANCE (ICC) AY MAKUKUHA UPANG MAKATULONG SA PAGSAKLAW SA MGA GASTOS UPANG MAPAANGAT ANG GUSALI?**

Ang kasaklawan ng ICC ay isang pamantayang kasaklawan sa karamihan sa mga patakaran ng NFIP. Ang kasaklawan ay magbibigay ng hanggang \$30,000 upang makatulong sa mga may-ari ng ari-arian na mabawasan ang panganib ng pinsala mula sa baha sa hinaharap sa pamamagitan ng pag-angat, pagdependa sa baha (para sa hindi pangresidensiyang mga istruktura), paglalansag, o paglipat sa ibang lugar ng kanilang gusali o bahay upang makatugon sa mga rekisito ng mga ordinansa sa gusali ng lokal na komunidad. Ang kasaklawang ito ay karagdagan sa kasaklawan ng gusali para sa pagkumpuni ng aktwal na pisikal na pinsala mula sa baha. Gayon pa man, ang kabuuang mga claim ay hindi maaaring humigit sa mga limitasyon sa batas. Kaya ang pinakamataas na halaga na maaaring kolektahin para sa ICC at pisikal na pinsala mula baha para sa pang-isahang pamilya na tirahan ay \$250,000.

**3.4 KUNG ANG BAHAY AY ITINAYO ALINSUNOD SA KASALUKUYANG UMIIRAL NA FIRM AT SUBSTANSYAL NA NAPINSAA, ANG ICC BA AY SASAKLAW SA GASTOS UPANG MAPAANGAT ANG ISTRUKTURA SA BFE O SA ABFE?**

Oo, sa alinmang elebasyon na ginamit ng komunidad at ipinapatupad sa buong komunidad.

**3.5 KUNG ANG IKALAWANG PALAPAG AY IDINAGDAG SA BAHAY AT ANG PINAKAMABABANG PALAPAG AY ISINALIN SA PARADAHAN, IMBAKAN, O AKSES, ANG PARAAN BA ITO NG ELEBASYON AY KARAPAT-DAPAT PARA SA ICC?**

Hindi. Ang ICC ay sasaklaw lang kung ang istruktura ay nakatutugon sa kahulugan ng insurance sa pinaangat na istruktura.

**3.6 KUNG LALANSAGIN NG ISANG MAY-ARI NG ARI-ARIAN ANG ISANG BAHAY, KARAPAT-DAPAT BA ANG MAY-ARI NG ARI-ARIAN SA HANGGANG \$30,000 UPANG IANGAT ANG ISANG BAGONG BAHAY?**

Oo, kung ang elebasyon ay sa BFE, BFE at freeboard, o sa ABFE tulad ng kinailangan ng komunidad at ang istruktura ay nasa nakamapang patag na lugar na malapit sa ilog/batis sa kasalukuyang umiiral na FIRM. Ang ICC ay sasaklaw ng hanggang sa \$30,000 para sa anumang kumbinasyon ng sumusunod na mga aktibidad:

- Elebasyon
- Pagdepena sa baha (mga gusali na di-pangresidensiya lang)
- Paglipat sa ibang lugar o relokalasyon
- Paglalansag o demolisyon

**3.7 KUNG ANG ISANG KOMUNIDAD AY NAGLALANSAG NG MGA NASIRANG BAHAY, NGUNIT HINDI NILALANSAG ANG SLAB, SASAKLAWAN BA NG ICC ANG PAGLANSAG SA SLAB?**

Oo. Sasaklawan ng ICC ang paglansag ng slab, ngunit hindi sasaklawan ng ICC ang gastos sa paglalansag na nabayaran na mula sa ibang pinagmumulan ng pera.

**3.8 ANG ISANG PANGRESIDENSIYANG ISTRUKTURA BA AY MAIAANGAT HANGGANG \$30,000?**

Depende. May maraming mga dahilan na nakakaapekto sa gastos kaugnay ng pagpapaangat ng mga bahay. Dapat ikukunsidera ang mga dahilan tulad ng laki ng bahay, uri ng konstruksiyon kabilang ang uri ng pundasyon, kondisyon at hugis ng bahay, kondisyon ng slab, mga kasangkapan sa pagpapaangat, at pinakamahalaga ay ang taas ng elebasyon.



### **3.9 ANO-ANONG IBANG MGA RESOURCE ANG AVAILABLE UKOL SA KASAKLAWAN SA ICC AT PANG-ISTRUKTURANG ELEBASYON?**

#### Mga Resource ng ICC:

- National Flood Insurance Program Increased Cost of Compliance Coverage, Guidance for State and Local Officials, FEMA 301/September 2003;  
<http://www.fema.gov/library/viewRecord.do?fromSearch=fromsearch&id=1532>
- Increased Cost of Compliance, F-663/August 2002  
<http://www.fema.gov/library/viewRecord.do?fromSearch=fromsearch&id=3009>
- Ang impormasyon tungkol sa Increased Cost of Compliance (ICC) ay matatagpuan sa:  
<http://www.fema.gov/national-flood-insurance-program-2/increased-cost-compliance-coverage>

#### Mga Publikasyon ng FEMA:

- Principles and Practices of Retrofitting Floodprone Residential Structures, FEMA 259/January 1999 ;  
<http://www.fema.gov/library/viewRecord.do?fromSearch=fromsearch&id=1645>
- Homeowner's Guide to Retrofitting, Six Ways to Protect Your House from Flooding, FEMA 312/June 1998;  
<http://www.fema.gov/library/viewRecord.do?fromSearch=fromsearch&id=1420>

#### Mga Publikasyon sa Pagdepensa sa Baha ng USACE:

- Raising and Moving a Slab-on-Grade House with Slab, 1990
- Flood Proofing - How to Evaluate Your Options, 1993
- A Flood Proofing Success Story Along Dry Creek at Goodlettsville, Tennessee, 1993

Ang mga ito at iba pang mga publikasyon ay makikita sa sumusunod na website:

<http://www.usace.army.mil/Missions/CivilWorks/ProjectPlanning/nfpc.aspx>

## **4. SISTEMA NG PAGRI-RATE SA KOMUNIDAD**

### **4.1 ANG AKING KOMUNIDAD BA AY MAKAKAKUHA NG KREDITO SA ILALIM NG COMMUNITY RATING SYSTEM (CRS) NG NFIP DAHIL SA PAGSUNOD SA ABFEs O FREEBOARD?**

Oo. May ilang mga komunidad sa baybayin ng New Jersey at New York ang lumahok sa CRS ng NFIP. Ang mga policyholder o may-ari ng polisa sa mga komunidad na ito ay tumatanggap ng mga diskwento sa kani-kanilang mga hulugan sa insurance sa baha dahil ang kani-kanilang komunidad ay nagpapatupad ng mga programa sa pangangasiwa sa mga patag na lugar malapit sa ilog/batis na lumampas sa minimum na mga rekisito ng NFIP. Ang mga komunidad ay maaaring makatanggap ng kredito sa CRS dahil sa paggamit at pagpapatupad ng ABFEs o dahil sa pagsunod at pagpapatupad ng mga rekisito sa freeboard. Ang mga kredito sa pagsunod sa ABFEs ay magkakabisa hanggang sa masimulan ang nirebisang FIRM.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa CRS ay matatagpuan sa:

<http://www.fema.gov/national-flood-insurance-program/community-rating-system>

## **5. PAGLALAPAT NG ABFEs SA MGA KALOOB PARA SA SAKUNA AT SA MGA PROGRAMA NA PARA TULONG NG FEMA**

### **5.1. GAGAMITIN BA NG FEMA ANG ABFEs PARA SA MGA PROYEKTO SA PAGREKOBER AT KALOOB SA MITIGASYON?**

Oo. Ang mga aktibidad at programang Pangrekober at Pangmitigasyon ng FEMA ay kailangang gumamit sa pinakamahusay na datos sa peligro ng baha na available bago ang obligasyon sa mga pondo ng Federal.

### **5.2 BAKIT KAILANGANG GAMITIN NG FEMA ANG ABFEs PARA SA MGA KALOOB SA SAKUNA AT MGA PROGRAMA PARA SA TULONG NG FEMA?**

Ang FEMA ay gumagawa ng hakbang upang mabawasan ang mga panganib sa mga lugi/mawawala sa baha, nagpapababa sa mga epekto ng baha sa kaligtasan, kalusugan, at kabutihan ng tao, at nagpapabalik at nagpapanatili sa likas at kapaki-pakinabang na mga pagpapahalaga na ibinigay ng mga patag na lugar na malapit sa ilog/batis sa pagpapatupad ng ating mga programa. Ang mga kaloob ng FEMA na sumusuporta sa konstruksiyon, pagkumpuni, rehabilitasyon, at/o pagpapaunlad sa o nakakaapekto sa mga patag na lugar na malapit sa ilog/batis ay nasasaklawan ng Executive Order 11988, isinakodigo sa 44 CFR Part 9. Ang FEMA ay kinailangang sumunod sa proseso ng pagpapasya na may walong hakbang para sa

alinmang hakbang na may potensiyal na makakaapekto sa mga patag na lugar na malapit sa ilog/batis at kailangang isali ang publiko sa buong proseso ng pagpapasya. Ang FEMA ay nagbibigay ng makabuluhang pamumuhunan upang makatulong sa mga komunidad na makarekober mula sa mga epekto ng Bagyong Sandy. Ang responsibilidad ng FEMA ay upang tiyakin na ang pamumuhunan ng Federal ay magaling, tama, at batay sa pinakamahusay na pangsiyentipikong impormasyon na makukuha. Dadagdag din ito sa kakayahan ng komunidad na makabawi kaugnay sa pagrekober, pagtatakda at ebalwasyon ng kritikal na mga pasilidad at iba pang mga proyekto ng FEMA para sa pagtatayo muli ng imprastruktura, at tutulong sa paggabay sa mga pasya kaugnay ng pagrekober at pagpapababa ng peligro sa apektadong mga lugar upang mabawasan ang mga pinsala sa hinaharap.

### **5.3 PAANO GAGAMITIN NG FEMA ANG ABFEs SA MGA PROGRAMA NG PAGPAPABABA AT PAGREKOBER?**

Gagamitin ng FEMA ang ABFEs upang malaman ang mga hangganan ng sona o lugar ng baha at ang minimum sa elebasyon ng baha na kinailangan para sa desinyo ng proyekto at mga pamantayan ng pagganap (performance). Kabilang dito ang paggamit ng ABFEs upang malaman kung ang pansamantalang aktibidad sa pabahay ay matatagpuan sa patag na lugar na malapit sa ilog/batis. Mailalapit ito sa paglalagay ng temporary housing units (THUs) o pansamantalang mga unit ng pabahay pati na rin ng pagbuo ng mga lugar ng grupong pabahay at di-tradisiyonal na mga uri ng pansamantalang pabahay.

### **5.4 KUNG ANG MGA ORDINANSA SA PANGANGASIWA SA PATAG NA LUGAR NA MALAPIT SA ILOG/BATIS AY MAS MAHIGPIT KAYSA ABFEs NG FEMA, ALING PAMANTAYAN ANG GAGA MITIN NG FEMA SA MGA PAGPAPASYA SA TULONG AT KALOOB SA SAKUNA?**

Ang tinutustusan ng FEMA na mga aktibidad at proyekto sa kaloob ay kailangang kaayon sa lahat ng batas at ordinansa ng Federal, Estado at lokal. Kung ang mga kodigong lokal at pamantayan ay mas mahigpit kaysa ABFE, ang mga proyekto ay dapat idisenyo sa mas mataas na pamantayan.

### **5.5 ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAGBABAGO ANG PINAKAMAHUSAY NA MAKUKUHANG DATOS?**

Dapat asahan na ang bumubuo ng pinakamahusay na makukuhang datos ay maaaring magbago sa takbo ng proseso ng pagrekober. Upang maging kaayon sa mga regulasyon ng FEMA (44 CFR 9.11(d)(6), walang proyekto ang itatayo sa pamantayan ng pangangasiwa ng patag na lugar na malapit sa ilog/batis na hindi kaayon sa NFIP o sa hindi mahigpit na mga regulasyon ng komunidad sa pangangasiwa sa patag na lugar na malapit sa ilog/batis. Ang impormasyong iyon ay dapat isaalang-alang kapag gumawa ng mga pasya ng pagrekober.